# Tulong ng DOH, hingi ni Joy B

Hiniling ni Quezon City Mayor Joy Belmonte sa Department of Health (DOH) na payagan ang lokal na pamahalaan na magamit ang Electronic Medical Records ng ahensiya (EMR) at e-claims systems para sa Rosario Maclang Bautista General Hospital upang maipagpatuloy ang operasyon ng ospital sa susunod na taon.

"Thousands of local residents will be deprived of needed medical assistance if Rosario Maclang Hospital ceases to operate next year. So we appeal to the kind heart of the DOH to allow us to utilize its free system so that our local hospital will be granted license to operate for 2020", pahayag ni Mayor Belmonte.

Noong 2017, hinikayat ng DOH ang lahat ng ospital na magkaroon ng fully functional EMR mula sa accredited systems provider upang mabigyan ng lisensiya na makapag- operate.

Sinabi ni Belmonte na nito lamang niya nalaman na ang information system ng naturang pagamutan ay nai-award ng nagdaang administrasyon sa Geodata Solutions Inc, ang system provider na ang EMR system ay hindi pa accredited ng DOH sa halagang P16.295 milyon na nilagdaan ni dating City Administrator Aldrin Cuna.

Si Dr. Richard Joseph Cabotage, director ng naturang pagamutan ang nag-ulat kay Mayor Belmonte na ang ospital ay patuloy na nakikipag- ugnayan sa DOH-IT group para gamitin ang kanilang e-claims at EMR program para mapabilis ang pag- renew ng permit ng pagamutan.

Sinabi ni Belmonte na kung pagbibigyan ng DOH ang kanyang request, posibleng kanselahin na ng lokal na pamahalaan ang nai-award na kontrata ng nagdaang administrasyon dahil hindi ito nakapag comply sa kaukulang requirements. *(Angie dela Cruz)*